

PABALAT NG CALFRESH PROGRAM RESTRICTED ACCOUNT

MAHALAGANG MALAMAN

ANG RESTRICTED ACCOUNT AY:

Isang account sa isang bangko, credit union, atp. kung saan ang isang pamilya na tumatanggap ng mga benepisyo ng CalFresh ay maaaring magpanatili ng perang gagastahin lamang para sa mga sumusunod na ipinahihintulot na gastos:

- Pagbili ng bahay na titirahan;
- Pagsisimula ng isang negosyo; o
- Edukasyon o pagsasanay para sa trabaho para sa humahawak ng account at kanyang (mga) nakadepende (Ang mga nakadepende ay ang sinasabi o maaaring sabihin na mga nakadepende sa pederal na mga buwis sa kita ng humahawak ng account.)

Bago magbukas ng isang restricted account, mabuting magkaroon ng pera at ibang mga kakayahan (tulad ng mga account sa bangko, mga stock, tunay na ari-arian, atbp.) na hindi hihigit sa inyong limitasyon sa kakayahan na nakahanda para magamit ninyo. Narito kung bakit:

Kung ginagamit ninyo ang alinman sa mga pondo sa inyong (mga) restricted account upang magbayad para sa mga emerhensiya, kahit na ang emerhensiya ay dahil sa isang pagkamatay o nagbabanta-sa-buhay na kalagayan, ang paglabas ay ibibilang sa limitasyon sa kakayahan na \$2,000 o \$3,250 (kung may kahit isang tao sa sambahayan na may kapansanan o edad 60 o mas matanda).

MGA TUNTUNIN PARA SA ISANG RESTRICTED ACCOUNT:

- Kayo ay dapat na tumatanggap ng mga benepisyo ng CalFresh sa panahon na itinatag ninyo ang account.
- Higit sa isang restricted account ang ipinahihintulot.
- Walang limitasyon sa pinakamalaking halaga ng impok sa isang restricted account.
- Ang mga pondo sa lahat ng mga restricted account ay hindi ibibilang sa limitasyon sa kakayahan ng inyong pamilya.
- Dapat ninyong pirmahan ang isang Kasunduan sa Restricted Account **bago** maituring ang isang account na isang Restricted Account.
- Magagasta lamang ninyo ang mga pondo sa ipinahihintulot na gastos.
- Dapat ninyong panatilihin ang mga pondo, at anumang interes na kinita sa (mga) restricted account na **nakahiwalay** sa alinmang ibang account.
- Ang interes na kinita sa alinmang (mga) Restricted Account ay dapat ideposito nang direktso sa (mga) account.
- Dapat ninyong kumpletuhin ang isang Kasunduan sa Restricted Account para sa bawat Restricted Account.
- Kung kayo ay may restricted account at lumabas sa mga benepisyo ng CalFresh, ang mga pondo ay maaaring ibilang sa inyong ari-arian at mga kakayahan kung muli kayong nag-aplay para sa mga benepisyo.

PAG-UULAT NG MGA PAGLABAS

- **Mga Sambahayan na Nag-uulat Tuwing Anim na Buwan**
 - Ang paglabas ng mga pondo sa loob ng panahon ng tuwing anim na buwan, ay hindi kailangang ulat hanggang ang inyong susunod na ulat ng kita (SAR 7) o muling pagsesertipika ay dapat matanggap.
 - Muling tatayahin ng county ang inyong mga kakayahan pagkatanggap ng ulat tuwing anim na buwan at pagpapasiyahan kung ang paglabas ay para sa isang ipinahihintulot na gastos. Kung ang inyong mga kakayahan ay mas mababa kaysa limitasyon sa kakayahan (\$2,000/\$3,250), kayo ay mananatiling karapat-dapat para sa mga benepisyo kung karapat-dapat sa ibang paraan.
- **Mga Sambahayan na Nag-uulat ng Pagbabago**
 - Ang isang paglabas na ginawa mula sa inyong Restricted Account ay dapat ulat sa loob ng 10 araw pagkaraan ng petsa na inilabas ang mga pondo.
 - Titingnan ng county ang limitasyon sa kakayahan sa loob ng 10 araw pagkaraan ng ulat.
 - Ang dahilan ng inyong paglabas ay magpapasiya kung magpapatuloy ang pagiging karapat-dapat.
 - Kung ang inyong mga kakayahan ay mas mababa kaysa limitasyon sa kakayahan (\$2,000/\$3,250) kayo ay mananatiling karapat-dapat para sa mga benepisyo kung karapat-dapat sa ibang paraan.

MGA GASTOS

- **Pagbili ng Bahay na Titirahan;**

Magagasta ninyo ang mga pondo ng Restricted Account sa:

- Mga deposito, fee, paunang bayad, pagbabayad ng prinsipal
- Mga gastos sa pagsasara
- Mga pagkukumpuni at mga ikinakabit

Hindi ninyo magagasta ang mga pondo ng Restricted Account sa:

- Mga pagbili ng muwebles
- Mga kalakal na pambahay

- **Edukasyon o Pagsasanay para sa Trabaho para sa Humahawak ng Account at Kanyang (mga) Nakadepende:**

Magagasta ninyo ang mga pondo ng Restricted Account sa:

- Mga fee, matrikula, libro, panustos sa paaralan, kagamitan, natatanging mga pangangailangan na damit
- Tirahan at mga pagkain ng estudyante
- Gastos sa transportasyon patungo at pabalik mula sa paaralan/bokasyonal na pagsasanay
- Mga serbisyong pangangalaga na kailangan upang makapasok sa paaralan

MGA GASTOS IPINAPAPATULOY:

- **Pagsisimula ng Isang Bagong Negosyo:**

Magagasta ninyo ang mga pondo ng Restricted Account sa:

- Pagbili, pagkukumpuni, at pangangalaga ng kagamitan sa negosyo
- Mga kasangkapan, uniporme, ibang nagpoprotekta o kinakailangang damit, at sapatos
- Pagbabayad ng prinsipal at interes ng utang para sa mga yaman ng negosyo o matitibay na kalakal
- Mga pagbabayad ng renta at utilidad para sa espasyo ng opisina o palapag
- Mga suweldo ng empleyado
- Mga gastos sa imbentaryo, pagpapadala, at paghahatid
- Mga fee sa negosyo, mga buwis, seguro, pag-iingat ng libro ng ulat sa negosyo o ibang mga propesyonal na serbisyo

Hindi ninyo magagasta ang mga pondo ng Restricted Account sa:

- Mga personal na gastos, tulad ng aliwan

KATUNAYAN

Dapat kayong magbigay ng katunayan sa county kapag nagtatatag ng isang Restricted Account at paglabas ng mga pondo mula sa (mga) Restricted Account.

- **Sa Ilang mga Halimbawa ng Katunayan ng Pagtatatag at/o Paglabas ng mga Pondo ay kabilang ang mga Sumusunod:**

- Passbook, pahayag ng bangko o resibo mula sa isang bangko, credit union atbp. na nagpapakita ng pangalan at direksiyon ng bangko at ang mga pangalan sa (mga) account, (mga) numero ng account, at
- Lahat ng mga balanse at aktibidad ng account mula sa petsa na pinirmahan ang Kasunduan sa Restricted Account

- **Sa Ilang mga Halimbawa ng Katunayan Upang Ipakita Kung Paano Ninyo Ginasta ang mga Pondo ay Kabilang ang:**

- Kinanselang tseke
- Pinirmahang pahayag mula sa tagapagkaloob ng kalakal o mga serbisyo na nagpapakita ng uri at halaga ng (mga) gastos na binayaran
- Isang resibo
- Pahayag ng bangko sa balanse ng Restricted Account